# RETURN FLIGHT

NOONG 2011 LAMANG naging malinaw sa akin na matanda na nga talaga ang nanay ko. Nasa airport kami ng Hong Kong. Biyernes ng hapon. Tanging kaming dalawa lang ang nandoon sa malawak na hintayan ng pasahero sa harap ng check-in counter ng Philippine Airlines.

Naglalakad siya pupunta ng banyo. Pinapanood ko siya – ang kanyang unti-unting lumiliit na anyo, gatuldok lamang sa maliwanag at higanteng terminal; ang kabagalan niyang maglakad; ang pagsisimula marahil ng kanyang pagkakuba, na lalong luminaw sa akin ng siya'y lumikong pakaliwa.

Naging malinaw sa akin – matanda na nga talaga ang nanay ko. Alam ko naman siyempre na ilang taon na lang siya'y magiging 70 na, pero sa pagkakataong iyon lang talaga naging malinaw ang pagdating ng kanyang katandaan.

MAHABA ANG KUWENTO ng araw na iyon. Siya ang pinagasikaso ko ng kotse sa hotel at wake-up call. Akala niya'y alas tres (3:30) ang lipad namin pabalik ng Pilipinas, iyon pala'y ala una (13:30). Akala niya'y magagalit ako. Sa taksi, ang behaved niya. Tahimik lamang siyang

nakikinig habang tumatawag ako sa mga hotel na malapit sa airport na maari naming tuluyan sakaling maiwan nga kami ng flight at hindi na makapag book sa araw na iyon. Pagdating sa airport, ng makita naming sarado na ang check-in counter, at mas kumalma na ako dahil wala na palang magagawa, sinabi niyang masakit pala ang tiyan niya. Kailangan niyang pumunta ng banyo.

Sorry siya ng sorry, bagamat hindi ko  naman talaga makuhang magalit. Siguro bahagya na siyang natatakot sa akin, dahil buong linggong iyon – ang kanyang unang bakasyon sa labas ng bansa – ilang beses ko na rin siyang kinainisan. Mangilang beses pa ngang napagalitan.

Mga maliliit na bagay lang naman. Halimbawa, noong tumawag siya sa cellphone na natataranta dahil naliligaw daw siya sa loob ng isang Watsons. Sabi ko, kumalma ka lang, susunduin kita mamaya, kasi nagyoyosi pa ako. Pinagpilitan niyang sunduin ko na daw siya agad, kasi ang dami daw Intsik at hindi niya maintindihan ang nasa paligid niya. Sabi ko, malamang, nasa China ka, at hindi naman ikaw ang pinaguusapan. Nagpumilit pa rin siyang magpasundo.

Minsan naman, nahihirapan siyang gamitin ang cellphone na binigay ko sa kanya para sa bakasyong iyon, maski ilang beses ko ng itinuro. Isang hapon, ng ako'y sumingit ng isang job interview at binilinan siyang magrelax lang sa hotel, tinawagan niya ako na nagpapanic – nawawala na siya. Iyon pala'y pumunta sa supermarket, nakarating doon sa pagtatanong-tanong sa mga Pinoy, kasi nagtakam daw siya sa tsokolate at namahalan sa binebenta sa hotel.

NANINIWALA AKONG ANG mga utak natin ay parang filing system – isang photo album

kung mamarapatin. Bawat taong kakilala natin, may picture. Kalakip ng picture na iyon, isang maikling profile. Maski paano pa magbago ang taong nabanggit, palagi tayong bumabalik sa imahe at sa ideyang naka file.

Si Mama sa isip ko ay hindi iyong matandang nagmamadali ng pagkabagal-bagal papunta sa banyo ng airport. Ang naka file na larawan sa isip ko ay isang babaeng may mataas na heels. Sa profile, nakatala na mabilis siyang kumilos at sobrang listo. Umuuwi pa sa bahay para mananghalian para makatipid lang, noong nakatira kami 20 minutes away from her office. Bale uuwi siya, kakain ng sampung minuto, at babalik ng opisina sa loob ng isang oras lamang. Isang pasko noong medyo gipit pa kami, nagluto siya ng 600 na cupcake para may dagdag na kita. Minsan naman, nagtahi siya ng tig-walong uniporme ng anim na matatabang magkakapatid ng isang kaibigan dahil sayang naman daw ang extra na kita.

Madiskarte. Halos lahat yata kaya niyang gawin.

Siya iyong nakarating sa eskwelahan namin noong lumindol ng 1990 bago pa man ako nakababa ng quadrangle – for a while misteryo talaga sa akin kung may pakpak ba siya o ano. Siya ang mataray na babaeng sumugod sa aking high school noong una kong ninais na sumali ng writing contest at ayaw bigyan ng certification (hindi naniniwala ang mga guro ko na kaya kong sumulat, kasi hindi naman ako honor student), nagmaldita in half-Tagalog half-Chavacano (napapa Chavacano siya pag nagagalit, nanakot siyang meron siyang abugado, e wala naman) at halos magtatakbo sa Salcedo Village para hanapin ang embahada ng Thai Embassy (wala kasi siyang pantaksi) para mahabol ang alas dose ng tanghali na deadline. Noong nanalo ako, siya ang

sumama sa akin sa bangko para turuan akong mag encash ng tseke. Binibigay ko sa kanya, pero hindi niya tinanggap. Akin daw 'yun.

Malayong-malayo ang babaeng 'yun sa nakita kong naglakad papuntang banyo. At noong hapong 'yun, sa airport, habang nakikinig sa isang recording ng Bolero ni Ravel, na pinatugtog ko sa aking cellphone para mabawasan ang inis, nakilala ko siya muli sa ilalim ng alon-alon na kisame ng Hong Kong airport.

Isang pagbabago na hindi ko namalayan – hindi ko inasahan. Tatanda din pala ang spunky na nanay ko. Kaya pala nitong mga huling taon mas nabubuo ang kuwento ng kanyang buhay sa akin. Dahil mas madalas niyang balikan ang taon ng kanyang kabataan sa Cotabato City – mga taong hindi ko naman kilala, mga kaibigang kahit kailan hindi ko nakita.

Sa totoo lang, akala ko nageemo-goth na siya, pero mukhang ito na nga at dumating na ang pagtanda.

Kailangan ko na yatang mag file ng bagong larawan sa photo album ng aking isipan.

IYAN ANG ISANG bagay na hindi siya inclined gawin dati – ang bumalik sa nakaraan. Kaya ang pagkakakilala ko sa kanya ay mas sa kwento ng ibang tao at sa mga nakikita ko. Alam ko halimbawa na malakas ang loob niya dahil nag down siya ng para sa sariling bahay na wala namang ipon – literal na tatlong buwan ko siyang hindi halos nakita, sa kaoobertime. Nagigising na lamang ako ng sandali kapag hahalikan niya sa gabi.

Alam kong mataas ang pangarap niya sa akin – maski mag-isa lang na kumakayod sa buhay (unempolyed hanggang mamatay ang kanyang asawa), gusto niyang makatapos ako sa private school. Noong araw, hindi siya kumbinsido na mag UP ako kasi public, saka ilang beses daw siyang nanaginip na mamamatay ako sa rally, pero sinamahan niya ako ng mag UPCAT at sabay kaming napanganga sa ganda ng campus at siya ang nagsabing, anak, dito ka dapat mag-aral. Medyo hindi kasi ganoon kaaya-aya ang mga tinirhan namin sa Pasay. Parang langit sa amin ang UP campus.

Ang irony niyan, noong papasara na ang kanilang kumpanya noong nasa college ako, siya ang nakita ko sa isang parang piket. Nagsasalita sa reporter ng Channel 4, ilang buwan lamang pagkatapos matanggalan ng isang suso dahil sa cancer. Nawalan na siya ng trabaho after that, at hindi na nakahanap muli.

Kapag pinagtatagpi-tagpi ko ang kanyang nakaraan – na ilang beses ko na rin namang ginawa dahil manunulat ako – ang laging nagiging ending ay ang kwento sakin ng isang Tiyahin sa Quezon City. Binibilinan ako na huwag magtatarantado, dahil masipag daw ang nanay ko. Maski daw simple lang ang buhay namin, dapat ko daw tandaan na dumating ng Maynila iyon ang dala'y isang bag at isang kahon. Kahit konti lang ang meron kami sa buhay, lahat iyon pinundar at pinaghirapan niya ng mag-isa. Kaya huwag kong sayangin.

NAKATATAWA, DAHIL NOONG bumalik si Mama kung saan ako nakaupo at binabatayan ang aming mga bagahe, may dala din siyang isang bag at isang kahon – ng hopia, galing Kee Wah, na

minsang natikman namin sa isang malayong MTR station at hindi na nahanap muli sa loob ng limang araw. Gustong-gusto kasi niya 'yun. Parang seasonal na autumn hopia.

“O, saan galing 'yan?” Tanong ko.

“May nakita kasi ako na taong may dalang ganito. Sinundan ko kung saan siya galing. Tapos may nakita ako na isa pa. Mukhang Amerikano. Kaya tinanong ko na lang. Isang linggo tayong may hopia!”

Tinignan ko sa airport map. Ang layo pala ng pinuntahan niya. “Ang layo na naman ng nilakad mo!  Mabuti nakabalik ka!”  Sabi niya, o huwag daw ako magagalit. Sabi ko, hindi naman ako nagagalit. Tanong niya kung gusto ko. Sabi ko, ayoko. Nagbukas siya ng isa. Binanggit ko na pumunta ako dun sa isang help desk, kalahati lang naman daw ang laman ng susunod na flight, at wala na kaming problema. Napangiti siya, at binalik ko naman ang aking headset. Maya-maya, andiyan na ang kamay niya sa bunganga ko, binubusalsalan ako ng hopia.

Kinain ko na lang. Napaisip ako: kung sa mata ko'y isang Mama mula nakaraan, ano kaya ako sa isip niya?

Malamang, isang bata pa ring nanalo ng apat na libo for the first time, na hindi makakuha ng certificate sa eskwela at walang naniniwalang kaya niyang gumawa ng ano mang kapaki-pakinabang o maganda.

PAGKAIN ANG TEMA ng aming bakasyon, at siya ring unang mga pinagawayan namin sa Hong Kong. Dito kasi umikot ang aming isang linggong pamamasyal; hindi kasi siya mahilig sa shopping. Nilista ko ang lahat ng masasarap na restawran na alam kong kaya kong kainan (maging iyong may mga Michelin star) at dinala ko siya sa mga iyon.

Noong una, napapalunok siya sa presyo ng nakikita niya. Pero kagagalitan ko. Sasabihin ko, pinagipunan ko naman to, sa totoo lang kung hindi kita nanay, baka namundok na lang ako o nagtrabaho ng mababa ang sweldo, pero gusto kong matikman mo ang mga ito. Kaya susubukan na rin niya. At kapag kanyang natikman, siya naman ay galak na galak. Sasabihin niya, ah, kaya pala mahal. Sasabihin ko, huwag mo isiping mahal. You deserve it.

Isipin mo mayaman ka, at lahat ng mga problema mo, sosi problems. Ako ang bahala. Ngingiti na lamang siya.

They are a cooking family, at alam kong marami silang kaanak sa Cotabato na may kaya. Bata pa man ako, nakikita ko kung paano siya sumasaya kapag may natitikmang masarap. Hindi naman kami nagutom o naging hikaos, pero alam kong may bahagi ng kanyang nakaraan na hindi na niya nababalikan dahil magtrabaho ka ba naman mag-isa para magtaguyod ng pamilya – walang katuwang, walang kasama. Hindi man niya naikukuwento sa akin dati ito, malinaw sa akin na merong mga bagay na kinailangan niyang talikuran para itaguyod ako.

Ng mga ikatlong araw na nagtututuro siya sa La Maison du Chocolat ng tsokolate na hindi nagtatanong ng presyo, labis akong natuwa. Iyon siguro ang pinakamasayang ala-ala ng

pagbabakasyon namin.

NAPANGITI AKO NG husto ng tanungin ko siya habang naglalakad kami papunta sa boarding area kung ano ang paborito niya sa biyahe namin.

Sabi niya, iyong mga kinain daw. Alam daw kasi niya, sina Medy (yung kaopisina niya), kapag nagpupunta sa Hong Kong noong bata sila (may kaya kasi ang asawa noon), nagbabaon pa ng pansit canton. At least siya, natikman niya ang masasarap na restawran daw. Tatawagan daw niya at iinggitin paguwi, tapos tulungan ko din siyang mag email. Gusto niya i-email ang isang tiyahin ko sa Seattle. Tumira daw kasi 'yun sa China ng matagal dati, at ng pagbalik sa kanila sa Cotabato nagluto ng masasarap na Chinese food tuwing may party.

Magsesenti pa sana siya bago kami sumakay – salamat daw. Hindi naman daw niya inakala na makapamamasyal pa siya sa labas ng bansa. First time kasi niya magkaroon ng passport – para sa isang practically ay single-mom, iyong mangarap na magbiyahe pa ay malayo sa katotohan. Lalo na noon. Kung ngayon pa internet-internet na lamang ang marami nangangarap na makapunta kung saan-saan, noong panahon niya, sa sitwasyon niya, isa itong malaking kalabisan.

Thank you, anak, ha, thank you. Hinila-hila niya ang aking kamay. Kako, tse, huwag ka nga magsenti. Ngumiti lamang siya.

NASA EROPLANO KAMI pauwi ng tanungin niya kung ano 'yung screen sa harap ng upuan. Sabi ko, entertainment system. Dinikit ko ang headset, nilagay sa tenga niya. Sabi ko, sige

pindutin mo kung gusto mo makinig ng music.

Sinubukan niyang pindutin, lumabas ang mga album. Ginabayan ko ang daliri niyang mag scroll. Sabi niya “Ay Frank Sinatra! Gusto kong makinig!” Sabi ko, i-scroll mo muli pataas. Hindi niya magawa. Nagsalubong na naman ang kilay ko. Sabi niya, sige huwag na lang.

“Hmp. Ito naman... balat sibuyas,” kako, sabay kuha ng daliri niya para gabayan sa pag scroll. Pinindot ko ang album ni Frank Sinatra. Nagsimulang tumugtog. “SALAMAT ANAK!!!!!” Sigaw niya. Natawa ako. Tinanggal saglit sa tenga niya ang headset, sinabing ang lakas niya magsalita. Napahagikhik siya. Tinanggal ko saglit ang headset at ginabayan ko ang kamay niya para malaman niya kung ano ang pipindutin kung ayaw niya ng kanta, o kung gusto niya hinaan o lakasan.

Napatingin ako sa mga daliri niya bago ko ito tuluyang bitawan. Sa isang mabilis na pagkakataon, parang gusto ko lang sana sabihin, na maski minsan maiinis ako sa kanya, mawawalan ng pasensiya, hindi ko makakakalimutan na ang mga kamay na iyon ang parehong mga kamay na nagtaguyod sakin. Maski mukha na silang string beans ngayon.

Napangiti ako ng may maalala, tungkol sa mga kamay niya –

Nasa Jollibee kami. May magandang nangyari noon. Hindi ko na matandaan kung ano. Parang nakatanggap 'ata ako ng parangal. Habang kumakain ay may dumaang isang bata na may dalang sundae. Napatingin ako – parang masarap. Hindi naman ako batang mahilig humingi. Habang

kumakain, nakikita ko sa salamin – pasimple niyang hinahanap sa bag ang mga barya-barya, pasimpleng binibilang sa ilalim ng mesa. Malinaw na malinaw kong naaalala ang mga daliri niyang nagbibilang, marahil ng pinakahuling pera.

Kulay pula pa ba naman kasi ang mga kuko niya noon. Magaganda, mapuputi, nakaayos ang mga kuko. Tapos inabutan niya ako ng pera. Sabi niya, bumili daw ako ng sundae.

May isa siyang kaopisina, kinuwento sa akin dati, ito daw si Mama, minsan nangungutang pa kung merong magandang mangyayari sakin, para lang mapakain sa Jollibee. Pagkain din pala ang naging bribery niya sa akin noon.

Kaya hinawakan ko ang mga kamay niya. Nakakatulog na siya noon. Ang gaspang na talaga. Ang igsi na ng kuko. Ang taba na.

Dyahe minsan makipag-holding hands sa matanda (pogi points sa iba - pero wala namang nakakakita sa amin). Although, sa tingin ko, sa pagkakataong iyon, parang iyon ang tama.